SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
By:
Date: JUN 10 2019 Time: 10:13

# KAPASIYAHAN BLG. 2019-39

**"ISANG KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. ARNEL F. MENDOZA, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT LUMAGDA SA ISANG *GARBAGE HAULING AGREEMENT* SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT NOEL C. MORALITA TRANSPORT NA NAUUKOL SA PAGPROSESO NG TAMANG PAMAMAHALA SA BASURA."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Orlando L. De Guzman**
Tagapangulo
Pinagsanib na Lupon sa Mga Alituntunin, Pribilehiyo at Mabuting Pamamahala
at
Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan

---

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay tumatalima sa Batas Republika Blg. 9003 na higit kilala bilang "Solid Waste Management Act" at iba pang mga patakaran, ang mga basura sa bahay-bahay ay kokolektahin ng mga barangay na siya namang dadalhin sa isang pansamatalang lagakan;

**SAPAGKA'T,** ito ay sa bisa ng kahilingan ng Punong Bayan, Igg. Arnel F. Mendoza, at *Certificate of Urgency* na kalakip ng kaniyang liham upang maibsan ang kasalukuyang krisis sa basura gawa ng pagkakasara ng *transfer station;*

**SAPAGKA'T,** ito ay tumutugon sa ating tunguhing maitaguyod ang programang "Ako'y Makakalikasan" na nagtataguyod sa maayos na pamamahala ng mga basura;

**SAPAGKA'T,** ang mga nakolektang basura ay kukunin at dadalhin sa Vitas Marine Loading Station sa Tondo, Manila;

**SAPAGKA'T,** bilang kapalit ng serbisyong ito ay babayaran ng Pamahalaang Bayan ng halagang Dalawampu't Isang Libong Piso (PhP21,000) kada truck at napagkasunduang hahakot ng basura mula sa transfer station ng hindi baba ng dalawang beses kada araw.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. ORLANDO L. DE GUZMAN** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Arnel F. Mendoza, na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at lumagda sa isang *Garbage Hauling Agreement* sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Noel C. Moralita Transport na nauukol sa pagproseso ng tamang pamamahala sa basura.

**SA PASUBALI,** na wala sa halagang nabanggit sa itaas ay wala nang babayaran sa tipping ang Pamahalaang Bayan.

**SA PASUBALI PA,** na ang nasabing kasunduan ay maaaring ikansela o ipawalang-bisa ng Pamahalaang Bayan kung ito, sa tingin ng Pamahalaang Bayan, ay hindi na kapaki-pakinabang sa bayan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-17 ng Hunyo taong Dalawang Libo at Labing Siyam sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**JULIET DJ. DELA CRUZ**
Pinuno ng Minorya

**FRANCIS ALBERT G. JUAN**
Kasangguni

**LEO T. SANTOS**
Kasangguni

**EDWIN N. DE GUZMAN**
Kasangguni

**ORLANDO L. DE GUZMAN**
Kasangguni

**ROMULO DF. LAZARO**
Kasangguni

**APRILLE KEITH M. LAZARO**
Kasangguni

**ANTONIO L. PUNONGBAYAN, SR.**
Pinuno ng Mayorya

**MARTIN SJ. ANGELES**
ABC President

**ANGELICA L. DE LEON**
SK President

***Pinagtitibay:***

**LEONARDO L. LEONCIO**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-17 ng Hunyo taong Dalawang Libo at Labing Siyam.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim